

# Ano Ang Dapat Mong Malaman tungkol sa Mga Scammer sa

Ang mga kagawaran ng trabaho sa buong bansa ay nakakita ng hindi lubos maisip na panloloko sa panahon ng pandemyang COVID-19. Kapwa ang regular na kawalan ng trabaho at ang Pandemic Unemployment Assistance ay inatake ng mga scammer mula sa lokal at mga dayuhan.

Napababa nang malaki ng Employment Develop Department (EDD) ng California ang panloloko gamit ang mga pamamaraan sa beripikasyon para sa seguridad at sa pagkakakilanlan, ngunit patuloy na magtatangkang umatake ang mga scammer habang inilalabas ang mga bagong tulong upang tugunan ang pinsala sa ekonomiya.

## Protectahan ang iyong sarili

Ginagamit ng mga scammer ang impormasyon mo upang mag-aplay para sa kawalan ng trabaho sa ilalim ng iyong pangalan. Sa pagiging mapagbantay, makakatulong kang pigilan sila.

**Ang EDD o ang mga kontratista nito ay hindi kailanman makikipag-usap sa iyo gamit ang Telegram o sa WhatsApp.**

### Mag-ingat sa:

- Mga scam sa pakikipagrelasyon. Kabilang ang mga pekeng profile sa pakikipag-date o mga taong nanghihingi agad ng pera.
- Mga oportunidad sa trabaho. Ang mga lehitimong employer ay malamang na hindi kumuha ng manggagawa gamit ang direktang mensahe.
- Mga ipinamimigay na pera, gantimpala, o premyo. Kung masyadong magandang pakinggan para maging totoo, malamang na scam ito.
- Mga alok ng hindi na-claim na mga sasakyan o personal na ari-arian.

## Huwag mawalan ng kontrol sa iyong personal na impormasyon.

Huwag magbigay ng personal na impormasyon kung kinontak ka gamit ang email, postal mail, o telepono ng isang tao na hindi mo kilala o pinagkakatiwalaan. Ang mga lehitimong kumpanya ay hindi dapat humingi ng personal na impormasyon gamit ang mga messaging app tulad ng WhatsApp, Telegram, o Facebook Messenger. Kung makakatanggap ka ng kahina-hinalang mga sulat o tawag sa telepono, huwag magbigay ng anumang personal na impormasyon. Kung hindi ka nag-aplay ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at nakatanggap ka ng hiling upang magbigay ng personal na impormasyon sa mail, huwag sumagot.

### Huwag magbigay ng mga hindi kilalang requestor o solicitor sa:

- Pangalan at petsa ng kapanganakan
- Social Security number
- Litrato ng mga dokumento sa gobyerno
- Uri ng telepono
- Iskor sa Pautang
- Mobile carrier
- Impormasyon ng bank account
- Numero ng credit card

# Ano Ang Dapat Mong Malaman tungkol sa Mga Scammer sa

Hindi kailangan ng EDD ng access sa iyong personal na account. Kung may tatawag o magte-text sa iyo para humingi ng iyong impormasyon sa bank account sa telepono, huwag itong ibahagi.

Ang ID.me ay responsable lamang sa hakbang ng beripikasyon ng pagkakakilanlan sa proseso. Hindi trabaho ng ID.me ang tumanggap ng mga bayad o mag-alok ng pera bilang mga gantimpala. Kung hiniling sa iyo na mag-beripika sa ID.me bilang kapalit sa perang premyo o isang trabaho, huwag mag-beripika at kontakin kaagad ang EDD o ID.me.

Kung may mga anak ka, lagi ding protektahan ang kanilang personal na impormasyon. Kadalasang ginagamit ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang Social Security number ng mga bata upang lumikha ng pekeng pagkakakilanlan.

Laging suriin ng doble ang numero ng telepono, messaging account, o email address upang matiyak na mapagkakatiwalaan ang taong kausap mo. Kayang magpanggap ng mga scammer bilang malapit na kaibigan o isang lehitimong negosyo.

## Mag-ingat sa mga kriminal na ginagaya ang ating mga serbisyo

Napag-alaman din ng ID.me na ginagaya ng mga kriminal ang mga serbisyo nito sa online. “id.me” lamang ang pinatatakbo ng ID.me Ang mga website na tulad ng “your-id-me.com” ay hindi konektado sa ID.me.

Tungkol sa mga tawag sa telepono, ang EDD ay tumatawag sa mga tao, ngunit ang mga linya ng telepono ay dapat lumabas sa ilalim ng caller ID bilang “St of CA EDD” o ang numero na 1-800-300-5616. Gayunpaman, kilala ang mga umaatake sa panggagaya ng mga numerong ito, kaya tiyaking putulin kung hihingi sila ng impormasyon sa iyong mobile carrier o credit/debit card sa telepono.

**Kung may isang tao na humihingi ng napakaraming personal na ipormasyon o naniniwala ka na ikaw ang biktima ng scam, ireport kaagad ang insidente sa mga nagpapatupad ng batas.**